THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#526 OCTOBER 01-15, 2024 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Alice Guo may 'ikakanta' pa sa illegal POGOs



Dismissed Bamban mayor Alice Guo

**MANILA, Pilipinas** — ***Dismissed Bamban mayor Alice Guo, who has been linked to illegal Philippine offshore gaming operations and POGO-related crimes, claims she is a victim rather than a mastermind.***

***And she is willing to name, in executive session, the "most guilty" in POGO operations.***

Naniniwala si Senate Majority Leader Francis Tolentino na 'marami pang isisiwalat' si dismissed Mayor Alice Guo sa kanyang nalalaman tungkol sa operasyon ng mga iligal na POGO sa susunod na executive session na itatakda ng Senado.

Sa isang panayam sa ANC channel, tinanong si Tolentino kung naniniwala siyang 'moved forward' na ang imbestigasyon ng Senado matapos magsagawa ng executive session ang mga senador kay Guo. Sumagot ng "oo" ang senador pero hindi na siya nagdetalye.

Sinabi pa ni Tolentino na ang pagpayag ni Guo na magsabi ng isang bagay sa executive session, na hindi nahayag sa mga regular na pagdinig, ay tanda ng paggalang niya sa Senado.

Bukod dito, mapipilitan din aniyang magbunyag ng mga nalalaman si Guo dahil na rin sa hirap ng kanyang sitwasyon sa kulungan.

"I think she will divulge a lot, especially with her conditions right now. Nabalitaan ko na natulog siya sa plywood kagabi dahil sa ilang mga surot sa loob detention cell sa Pasig."

"Kaya, sa palagay ko sa kanyang pisikal na kondisyon, pati na rin sa kanyang kalagayan sa kalusugan, maaaring napilitan siyang magsabi ng mga bagay na hindi pa nabubunyag noon," dagdag pa ni Tolentino.

*- Pilipino Star Ngayon*



TalibaFlipzMedia

**Photography Services**

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

**For inquiry**, call Tel. **416-989-7336** / 647-287-1870 ★ Email: *advertise@flipzmedia.com*

# GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

**For Your Free Consultation**

**Call (416) 498-9200 ext. 236**

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON



Alice Guo

**Dahil sa dami ng surot sa kulongan sa Pasig City Jail Female Dormitory ni Alice Guo ay di nakatiis at napilitang magdagdag pa ng ilang mga pangalan na sangkot sa Pogo.**

***"Kaya, sa palagay ko sa kanyang pisikal na kondisyon, pati na rin sa kanyang kalagayan sa kalusugan, maaaring mapilitan siyang magsabi ng mga bagay na hindi pa nabubunyag noon."***

# ALYANSA PARA SA BAGONG PILIPINAS

**MANILA** - Ipinakilala ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ang 12 kandidato ng administrasyon sa senatorial race para sa Eleksyon 2025.

Kabilang sa mga kandidato ay limang reelectionist senators at tatlong dating senador. Binubuo ito nina:

- Interior Secretary Benhur Abalos (PFP)
- Makati City Mayor Abby Binay (NPC)
- Reelectionist Senator Pia Cayetano (NP)
- Reelectionist Senator Lito Lapid (NPC)
- Reelectionist Senator Francis Tolentino (PFP)
- Reelectionist Senator Imee Marcos (NP)
- Reelectionist Senator Ramon "Bong" Revilla Jr. (Lakas-CMD)
- Former Senator Manny Pacquiao (PFP)


PBBM

- Former Senator Panfilo Lacson (NPC)
- Former Senator Vicente Sotto III, (NPC)
- Deputy Speaker Camille Villar (NP)
- dating Social Welfare and Development Secretary Erwin Tulfo (Lakas-CMD)

Inihayag ni Marcos ang listahan ng senatoriables sa pagtitipon ng Alyansa Para Sa Bagong Pilipinas Convention na ginanap sa Philippine International Convention Center (PICC) sa Pasay City.

Maliban kay Sen. Imee, dumalo sa naturang pagtitipon ang 11 personalidad.

Sa kaniyang talumpati, sinabi ni Pres. Marcos sa mga kakandidato sa ilalim ng administrasyon na ***panatilihin ang katapatan at pagmamahal sa bansa***.


"***Sa aking pag-endorso, ang tanging hiling ko ay mapanatili ang kanilang katapatan at pagmamahal sa bansa. Ito ang pinakamahalagang katangian ng kandidato na aking tinitignan at pinag-iisipan***," ani Marcos.

"Kaya naman, mga kababayan, ang sumusunod na indibidwal ay kilala natin sa kanilang kasanayan at sa kanilang serbisyo publiko," dagdag niya.

***- PILIPINO STAR NGAYON***

**APPLY TODAY - WORK TOMORROW!**

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




**EXTRA PERSONNEL**
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
**2140 Kipling Avenue Unit 5**
**Toronto, ONT M9W 4K5.**

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
**Alvin Rota**
416-740-3959




We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Mga senador nabudol ng POGO boss



Kinumpirma ng Presidential Anti-Organized Crime Commission (PAOCC) na marunong at nakakaintindi ng Tagalog at Bisaya ang negosyanteng si Tony Yang, na may alyas na 'Yang Jian' Xin at 'Antonio Lim'.

"Marunong po talagang marunong siyang mag-Tagalog at saka nakakaintindi. At maging sa Bisaya, marunong din nang kaunti," wika ni PAOCC spokesperson Dr. Winston Casio sa interview ng DZBB.

Sa naturang hearing, inamin ni Yang na siya ay Chinese citizen na ipinanganak sa China. Ang lolo umano niya ang gumawa ng paraan para makakuha siya ng birth certificate sa Pilipinas upang magamit sa pagnenegosyo sa bansa.

Sabi ni Casio, ang Bureau of Immigration (BI) ang may legal custody kay Yang habang ang PAOCC ang may physical custody dito. Iniimbestigahan ng PAOCC si Yang sa koneksiyon nito sa Philippine Offshore Gaming Operators (POGO).

"Up until late last year, aktibo po 'yung tinatawag nating Oro One Technology, 'yan po 'yung kanilang customer service provider under Xionwei Technology. So talaga pong magpo-POGO po ito," ani Casio.

Si Tony Yang ay nahuli sa Terminal 3 ng Ninoy Aquino International Airport (NAIA) noong Setyembre 19 dahil sa pagiging undesirable alien.

Sinisiyasat din ng quad committee ng Kamara de Representantes ang koneksiyon ni Tony Yang sa POGO at illegal na droga.

***ABANTE NEWS***







# Paano ba talaga ipinatutupad ang bagong ban ng cellphone sa eskwelahan?

**Ipinakilala ng ilang probinsiya sa Cana-da ang cellphone ban sa pasukan ng 2024-2025.** Ang ban ay na-iiba depende sa hurisdiksyon pero lahat sila ay pareho ang layunin: ang higpitan ang paggamit ng cellphone sa klasrum para bawasan ang ma-distract at maituro ang ligtas na paggamit ng social media.

***Backpack?*** Tsek. ***Bote ng tubig?*** Tsek. ***Cellphone?*** Komplikado 'yan.

Ang pagbubukas ng pasukan ay nakakapanibago para sa ilang mga estudyante dahil sisimulan ng ilang probinsya sa Canada ang cellphone ban sa pasukan para sa taong 2024-2025. Magkaiba ang mga pagbabawal sa bawat hurisdiksyon ngunit lahat ay pareho ang layunin: ang maghigpit sa paggamit ng cellphone sa klasrum at bawasan ang ma-distract at matulungan na matuto sa ligtas na paggamit ng social media.

Habang papalapit na ang Setyembre, may kalituhan sa mga pagbabawal mismo, kung paano sila aktwal na ipapatupad — at sino ang gagawa.

Napansin ng education experts at mga titser na ang hindi pagkakapare-pareho sa kung paano ipatupad ang cellphone ban, at ilan sa mga titser ang nag-aalala para sa kanilang personal na kaligtasan kapag sila ang mangungumpiska ng cellphone.

Ang iba sa public education system ay nasa ibaba ng kanilang listahan ang cellphones, sa mga alalahanin, at ang pagbabawal sa mga ito ay hindi tugon sa sanhi ng gambala at lungkot ng mga estudyante.

Ang cellphone bans ay may pagkakaiba-iba sa bawat probinsya, at sa loob ng probinsya, at sa bawat distrito.

Sa ilang probinsya, gaya ng Nova Scotia at Saskatchewan, ipinagbabawal ang cellphones sa oras ng klase para sa lahat ng K-12 na estudyante. Ang

ilang probinsya, gaya ng Ontario at Manitoba, ay may sariling tiered system sa iba't ibang grado. Halimbawa, sa Ontario, ang estudyante ng K-6 ay kailangan naka-silent ang telepono at hindi makikita sa buong araw, kahit pa sa mga oras na walang klase tulad sa oras ng lunch at recess, at ang mga estudyante sa grade 7-12 ay pinagbawalan gumamit ng telepono sa oras ng klase maliban kung pahintulotan ng titser.

Ang mga titser sa New Brunswick ay magkakaroon ng malalagyan ng mga estudyante sa kanilang at naka-silent mode ito sa isang designated area.Didisiplinahin ang mga estudyante kung gagamitin ang cellphones para istorbohin ang silid-aralan (halimbawa, gagamitin para manakot, manloko o plagiarism).

Sa Alberta, ang mga dibisyon ng eskwelahan ay may hanggang Enero 1 para gumawa ng sarili nilang mga patakaran at paraan kahit pa may provincial standards na ipatutupad simula Setyembre.

Ayon kay Jason Schilling, ang pinuno ng Alberta Teachers' Association, sa Canadian Press kamakailan na ang pagroll-out ng mga patakaran ngayong Taglagas ay ikinalito ng ilang titser kung paano dapat nila ito masusunod.

Mangungumpiska sila ng telepono na mamahalin, may pag-alinlangan sila na gawin ito nang walang malinaw na patakaran, polisiya o pamaraan bago simulang gawin ito, ani Schilling.

Gayundin sa B.C., gagawa ang school districts ng kanilang sariling mga patakaran para masunod ang utos ng probinsiya.

Sa ilang mga distrito, gaya sa Vancouver, ang pinagbabawalan lang ay mga bata sa elementarya. Samantala, sa Mission, B.C., ang mga estudyante sa sekondarya na paaralan ay pinayagan gumamit ng cellphone sa oras na walang klase, gaya ng tanghalian at sa breaks.

Para tulungan na makagawa ng polisiya, humihingi ng feedbak ang Mission Public School District. At ayon sa Mission City Record, lumitaw na ang isa sa mga ipinag-aalala batay sa feedback ay ang iatas ang responsibilidad sa mga titser. Isa sa mga sinabi ng isang titser na dahil hindi pare-pareho ang mga pagbabatayan, ang mga estudyante ay patuloy na magmaang-maangan sa bawat isa. ***RCI***






# Eksklusibo: Michael Kovrig inilarawan ang 1,019 araw sa Tsina bilang bilanggo


Michael Kovrig

**Halos eksaktong tatlong taon na ang nakaraan, Setyembre 24, 2021**, dalawang kalalakihan na naging kilala bilang the **two Michaels** — sina ***Michael Kovrig*** at ***Michael Spavor*** — bumalik sa Canada pagkatapos ng mahigit 1,000 araw ng pagkakabilanggo sa Tsina.

Ang dalawa ay magkahiwalay na nabilanggo sa kinokonsidera ng marami na isang akto ng paghihiganti pagkatapos maaresto ang Tsinong tech executive na si Meng Wanzhou sa Vancouver noong Disyembre 2018.

Ang mga nakapanood ng CBC maririnig sa unang pagkakataon si Michael Kovrig, na naaresto sa harap ng kanyang buntis na asawa habang papauwi mula sa restawran.

Ang chief correspondent ng The National na si Adrienne Arsenault nakausap si Michael Kovrig tungkol sa kanyang karanasan — at ano na ang kanyang kalagayan. ***RCI***

# MAG-INGAT SA DEEP FAKE VIDEO

***Ang Deepfake videos ay pangkaraniwan na lamang mapapanood ngayon sa social media. MAG-INGAT SA DEEP FAKE VIDEO, kasi parang totoo. Tignan ang larawan sa kanan halimbawa.***




***The Art of Deception*** o ***Age of Deceptions*** o Kaya tawagin nating ***AI CLONE***. Kahit na ang may kabatirang mga tao ay nagiging mga biktima ***Deepfake*** wika nga.

Ang "fossil" ng Piltdown man (umano'y sinaunang tao) ay gawa-gawa lamang at nilinlang ang samahan ng mga siyentipiko sa loob ng mga taon. Ang "mga talaarawan" ni Hitler ay nagbibigay ng maliwanag na katibayan sa kakayahan ng mga manghuhuwad na dayain kahit na yaong dapat sana'y higit na nakaaalam.

These AI-generated fake videos are getting easier to create and more realistic. So what are deepfakes? How are they made? And should they worry us?

Technology has advantages and disadvantages and this is one of them. This robust technology is a great way for destroying people's reputations. ***Taliba Reseached***

"The Travel partner You Can Trust!" tico.ca

Polaris Travel & Tours Polaris Travel & Tours

Contact us for LOW AIRFARES to the Philippines!

polaristravel.eng
polaris_travel

T. 416.224.9919 TOLL FREE 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

# Limit sa international students dulot ay gulo sa mga kolehiyo, unibersidad

Ang bago, mas mahigpit na restrictions para sa international students sa mga unibersidad at kolehiyo sa Canada ay sanhi ng pag-aalala ng mga tagamasid sa industriya, na nagbabala na ang patuloy na uncertainty tungkol sa post-secondary ay maaaring mapinsala ang reputasyon ng Canada bilang isang kaakit-akit na lugar upang mag-aral at mamuhay.



Ang post-secondary sector ng Canada ipinapatupad na ang pagbabawas sa international study permits at iba pang hakbang na inanunsyo noong Enero nang mas higpitan ni Immigration Minister Marc Miller ang cap . Mas pinababa pa niya ang intake ng 10 porsyento sa susunod na dalawang taon (437,000 lang ang papayagan) at ngayon kasama na ang graduate at doctoral students, na noong una ay exempted. Idinagdag pa niya ang mas mahigpit na eligibility para sa Post-Graduate Work Permit program.

Ang dramatikong pagtaas ng bilang ng international students — mahigit 1.5 milyon na study permit para sa post-secondary ang nagrant mula 2018 hanggang 2023 — ay sumailalim sa matinding pagsisiyasat.

Gayunpaman, ang mga hakbang na ito tinamaan ang mga unibersidad like an earthquake, aniya, sa Ottawa.

Ang tuition ng international students ay apat hanggang limang beses na mas mataas kaysa sa binabayaran ng domestic students. We're seeing budget deficits in universities right across the country: Quebec, Ontario, the Maritimes, ani Miller.

Bagama't ang mga unibersidad ay tina-tally pa rin ang official enrolment numbers, na inaasahan na lalabas sa Oktubre, sinabi ni Miller na ang datos sa ngayon ay sinasabi na ang international student enrolment ay magiging mas mababa kaysa inaasahan — at ang kaguluhan mula sa mga bagong polisiya itutulak marahil ang talentadong mga estudyante na maaaring malaki ang maiambag sa Canada na tumingin sa ibang bansa.

It's really costing Canada the people we are gonna need to be doctors, to be engineers, to be entrepreneurs, aniya. ***RCI***

# Chinese nationals na may Philippine passport 'di tatanggapin ng China kapag idineport


**MANILA, Philippines** — Hindi na umano tatanggapin ng China ang mga Chinese nationals na kumuha ng Philippine passport kahit pa i-deport ang mga ito, ayon kay Atty. Raymond Fortun, abogado ni Tony Yang na iniuugnay sa mga ilegal na Philippine Offshore Gaming Operators (POGO).

Sa panayam kay Fortun bago magsimula ang pagdinig ng Senate committee on women, children, family relations and gender equality na pinamumunuan ni Sen. Risa Hontiveros, sinabi ni Fortun na magkakaroon ng problema sa pagpapa-deport ng mga Chinese na kumuha na ng pasaporte ng Pilipinas.

"May problem tayo diyan because ang understanding ko I just spoke with somebody from the BID 'yung Chinese embassy 'pag mayroon kang dalawang passport, meaning you acquired citizenship with another nationality ¬effectively na i-extinguished 'yung nationality as Chinese," ani Fortun.

Sa tanong na kung magiging "stateless" o tuluyang mawawalan ng nationality ang mga nasabing indibiduwal dahil hindi naman sila maaaring ituring na mga Filipino, sinabi ni Fortun na isa itong problema.

Hindi maaaring dalawa ang pasaporte ng isang Chinese national dahil wala naman silang "rule" tungkol sa dual citizenship kaya ire-reject lang sila ng China.




"Tayo puwede 'yung dual because we have rules on that. Puwede 'yung dual. You can hold two passports pero sa China they will be rejected if they are going to be returned to China," ani Fortun. ***- Pilipino Star Ngayon***

# Homeowners di na kailangan sumailalim sa stress test kung lilipat ng mortgage providers

Sinabi ng banking regulator sa bansa na hindi na kakailanganing sumailalim sa stress test ang mga borrower na uninsured ang mortgage kapag lilipat ng provider.

Sinabi ng Office of the Superintendent of Financial Institutions na ihihinto na ang patakaran sa lender para maka-apply sa pinakamababang qualifying rate sa diretsong paglipat kapag ang uninsured mortgage ay ni-renew sa ibang institusyon mula sa kasalukuyang amortization schedule at halaga ng pautang.

Sinasabi ng OSFI na ginawa ang pagbabago matapos ang feedback mula sa industriya at mga Canadian tungkol sa kawalan ng pagkakapantay-pantay sa pagitan ng insured at uninsured mortgagor sa panahon ng pag-renew ng mortgage. Sinabi rin na makikita sa datos na ang risgo na nararapat matugunan ng naturang requirement ay hindi lubusang nangyari.

Noong Marso, inirerekomenda ng Competition Bureau ng Canada na payagan ang uninsured mortgage borrowers na magpalit sa pagitan ng mga bangko nang hindi sumasailalim sa stress test, sabay sinabing ang patakaran ay hindi pantay-pantay na naipatupad.

Ang stress test ay ginagawa ng regulated financial institutions ng pederal na gobyerno upang tiyakin na ang borrower ay makakabayad pa rin ng mortgage sakaling makaranas sila ng financial shocks, gaya ng pagtaas ng mortgage interest rate o pagtaas ng gastusin sa bahay.



*Ang desisyon ay para ituwid ang kaibhan sa pagitan ng insured, di-insured na homeowners sa panahon ng pag-renew ng mortgage*

Ibinaba ng Federal Reserve ng U.S. ang interest rates sa unang pagkakataon sa loob ng apat na taon, at sa parehong linggo, nakamit ang inflation rate ng Canada na nasa dalawang porsyento na siyang target ng Bank of Canada. Ipinaliwanag ni Andrew Chang kung bakit sa hula ng mga ekonomista ay asahan ang mas agresibong rate cuts.

Sinabi ng regulator na nakikipagtulungan ito sa financial institutions para tiyakin na handa sila para sa pagbabago, na layunin nilang pormal na ipaabot bilang bahagi ng susunod na quarterly release sa Nobyembre 21.

**Upang ipagdiwang ang 75 taon ng matatag na bilateral relations ng Pilipinas at Canada**, ang Philippine Consulate General sa Calgary ipinagmamalaki na ilunsad ang isang makabuluhang gawaing pampanitikan: ang e-book na Filipinos in Alberta.




In-edit ng Consulate General sa pakikipagtulungan kay Dr. Glenda Tibe Bonifacio, Dean of Social Sciences sa Lakehead University, ang compilation ng mga essay ay isang pagtatangka upang isalaysay ang istorya ng imigrasyon ng mga Pilipino sa Alberta, Canada.

Mula 1960s hanggang sa kasalukuyang panahon, ang e-book ay pinagsamang akademikong diskurso at personal na mga kuwento, nag-aalok ng mahalagang insights sa karanasan ng mga Pilipino sa Alberta.

Ang e-book na pinamagatang Filipinos in Alberta.

Litrato: PCG - Calgary

Ang paglalathala nito ay hindi lang naglalayon na pagyamanin ang pag-unawa ngunit nagsisilbi na isang mahalagang kontribusyon sa mas malawak na istorya ng imigrasyon ng mga Pilipino sa buong Canada.

Ang e-book ay kasalukuyang available para i-download sa website ng Philippine Consulate General sa Calgary sa bit.ly/FilipinosAB (bagong window). Lahat ng tao ay welcome na i-share ang librong ito.***RCI***



# DATOL ORDER

**By Mon Datol**

## Sara Duterte 'di aalis sa pwesto, Alice Guo sintunado?

Sinabi ni VP Sara Duterte kahapon na hindi siya aalis dahil inilagay sya ng 32 milyong Pilipino sa kanyang pwesto at hindi ng 2 tao lamang sa Kongreso na naghahanap ng kahit anong maliit na dahilan para 'ipa-impeach' sya. Dugtong pa ng Bise-Presidente, at dahil parehas laban duon, ay...

***Sa Senado lang siya dadalo sa pagdinig ng badyet ng OVP.***

**********

Tinapos na kasi ng Mababang Kapulungan ang deliberasyon sa 2025 National Budget na kung saan kinaltasan ang hinihinging Ph2-Bilyong pondo ng OVP at ginawa na lamang itong Ph733-Milyon dahil di na nga nagpakita pa sa Kamara si Bise Presidente Sara matapos pumunta sa unang pagtalakay sa pambansang pondo ng Pinas. Ani pa nga VP Sara ay pede silang magtrabaho kahit walang pondo mula Kongreso. Buti nga...

***Binigyan pa ng Ph733-Milyon ng Kongreso si Sara.***

*********

Di masyadong kumbinsido sina Senators Risa Hontiveros, Jinggoy Estrada, JV Ejercito, Win Gatchalian, Joel Villanueva sa 'ikinanta' ni Alico Guo o' Guo Hua Ping sa kung sino mastermind sa mga aktibidad ng POGO sa bansa, sa ginawang 'executive session' ng Senado Miyerkules ng hapon. Bakit kaya di naniniwala ng todo sina Sen. Risa ke Guo Hua Ping?

***Baka sintunado boses ni Alice ng 'kumanta'?***

**********

Meron ng 4 na buwang 'iniimbistigahan' ng Senate Committee on Wo-men na pinamumuaan ni Sen. Risa Hontiveros pero hindi matapos-tapos ang pagdinig sa iligal na POGO na pinatatakbo raw ni Guo Hua Ping a.k.a. Alice Guo, ang natanggal na Alkalde ng Bamban, Tarlac. Di naman siguro...

***Aabutin ng Pasko kaso ni Alice Guo sa Senado, hane Sir RollyCab?***

**********

Sa October 11 itutuloy ang pagdinig sa mga kasong isinampa kay Pastor Apollo C. Quiboloy ng KOJC sa Regional Trial Court of Pasig City at patuloy na naka-kulong si PACQu sa PNP Custodial Center sa Camp Crame dahil...

***Di pinayagan ng korte apela ni PACQu na 'house' o' hospital arrest.'***

**********

Ayon pa sa huling pahayag ng PNP ay iniimbistigahan daw nito ang report na diumano'y ipinanreregalo ni PACQu ang mga naggagandahang babaing miyembro ng kanyang KOJC Choir sa mga matatalik na kaibigan niya.Kung tutuo ito...

***Nakngdragon, Mareng Zendang! Di gawa ng isang Pastor yon!***

**********

Nakakadismaya ang balitang ito at kung ako ay kasapi sa isang Igle¬syang ganyan ang kalakaran, titiwalag na ako agad-agad, dahil gaano ko man kalalim isipin, walang pinuno ng matinong simbahang Kristiyano ang makagagawa ng ganitong karumal-dumal na bagay na lantarang lumalapastangan sa pangalan ni Hesukristo.

***Damonyo, hindi tao gumagawa nito.***

**********

Sasabihin ng maraming kritiko ni PACQu na parte ito ng political demolition sa mga Duterte na kaibigang matalik ni Quiboloy. Di nga ba ginawang administrador ni PACQu si DU30 sa lahat nyang ari-arian pati na ng buong KOJC? So...

***Pag nasira si Quiboloy, bagsak na rin ang Duterte?***

**********

Alam ng lahat na maraming pang-beauty queen na kasapi ng Iglesiya ni PACQu na ang karamihan ay mga singers sa KOJC Choir. Ang mga ito ba ay na-hypnotize para gawin ang nais ipagawa ng kanilang lider? Kasama na pagsiping sa mga kaibigan ng kanilang pinuno?Kunsabagay, sa Amerika nga ay may isang pastor na nahimok ang kanyang mga miyembro na uminom ng lason sabay-sabay. Pero...

***Pinoy mga miyembro ng KOJC, hindi mga 'aso' at 'pusa.'***

**********

Totoo man o hindi, nasa kamay na ni PACQu na idepensa ang kanyang sarili. Lahat ng akusasyon sa kanya ay karumal-dumal at huwag na nating ilahad dahil alam na ng lahat. Sana lang, ang mga kaso ni PACQu ay hindi mabahiran ng pulitika upang mamayani sa dakong huli ang tunay na hustisya.

***Sana nga. Sana nga.***

**********

Bukas si Sen. Grace Poe sakaling bibigyan siya ng posisyon sa gabinete ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. pagkatapos ng kanyang termino sa Senado sa Mayo 2025. Kung ako tatanungin hinggil dito?

***Tuloy Poe kayo sa Palasyo Sen. Grace!***

**********

Samantala, pinatunayan na ng mga eksperto mula sa Deepfakes Analysis Unit (DAU) na isang India-based Misinformation Combat Alliance, na fake ang pinakalat na video noong Hul¬yo bago ang 3rd SONA ni Pangulong Ferdinand Marcos, Jr. na kung saan sumsising¬hot umano ng ilegal na droga ang isang kawangki ni PBBM. Ani mga AI experts ay malawakang minanipula para magmukha na si Marcos ang nasa video. So...

***Tapos na 'Polvoron' isyu ke PBBM, kastiguhin na mga Ungas.***

**********

Si dating Presidente Digong Duterte nagpasimula ng pagsasabing bangag at adik si PBBM simula pa nuong tumakbong Pangulo ng Pilipinas si BBM nuong 2022 dahil nga nag-Bise lamang anak nyang si Sara ke Marcos, Jr. Nuon pa man ay alam ni Digong na mananalo Presidente si BBM at VP Sara kayat ...

***Planado na ni DU30 na sirain si PBBM at ipalit si SARA.***

**********

Maraming vloggers ang gumamit ng pekeng 'polvoron' issue kontra PBBM at balitang me bayad umano ang ilang hard-hitting vloggers tulad nina Mahalika, Banat By, kasama na si Jay Sonza para gawing non-stop pag-upak sa Pangulong Marcos, kahit na...

***Galing-kangkungan content at materyales ng DDS vloggers.***

**********

Masyadong mabait ang First Couple PBBM at FL Lisa Marcos, eh, dahil ayaw nilang ihabla mga grabeng manira sa kanila. Biruin mong tinatawag at pinagbibitangang silang mag-asawang adik sa Palasyo? Kung ako yon? Heto sa inyo...

***Sandamakmak na Libel, cyberlibel cases sa mga hunghang!***

**********

Nuong Cabinet Secretary pa si VP Sara ay bilyones ang budget nya sa OVP at DECS dahil bff nga raw sila ni PBBM kayat grabe ang Confidential at Intelligence Funds na

ibinibigay ng Kongeso na ina-approve nga ng Pangulo, pero ng kastiguhin na nga ng COA ang paglustay ng pera ng bayan ni VP Sara at dahil ...

***Nagalit na si FL Lisa ke Sara, kayat sumabog ang budget ng OVP.***

**********

At ngayon ngang humiwalay na ng landas si VP Sara ke PBBM ay inamin na niyang hindi naman niya talagang kaibigan si PBBM at ang Manang Imee ng Pangulo ang kaibigan nito at never ng makikipag-tandem siya sa mga Marcos, ever. So, this early...

***Tapos na agad ang Sara Duterte-Imee Marcos tandem sa 2028.***

**********

Kayat huwag na tayong magtaka kung magkakaruon ng balasahan sa Palasyo bago sumapit ang Oktubre dahil inaasahan na may mga opisyal ni PBBM tulad ni Sec. Benhur Abalos ng Local Government ang tatakbong senador o sa lokal na posisyon sa 2025 midterm elections. Tanong nga ng marami nating kaibigan...

***Sino papalit ke Sec. Benhur Abalos sa DILG?***

**********

October 1-8 ang filing ng Certificate of Candidacy (CoC) sa Comelec Offices sa buong bansa para sa gaganaping 2025 midterm election na gagawin sa Mayo next year at tanging Pilipino lamang ang puedeng tumakbo sa eleksiyon. Ang tanong nga lang ngayon...

***Paano malalaman ng Comelec KUNG peke birth certificate ng kandidato?***

**********

Paano kung mag-file ng CoC bilang kandidatong Mayor ng Bamban, Tarlac si Alice Leal Guo kahit nakakulong na ito sa Pasig City jail dahil wala pang desisyon ng korte ang kasong 'quo waranto' na magpapawalang bisa sa kanyang birth certificate hanggang ngayon. At paano...

***Kung manalo muling Alkalde si Alice Guo?***

*********

Ayon sa Comelec sa mga una nito pahayag ay tanging birth certificate at IDs lamang ang kailangang isumite ng kakandidato sa Comelec kasama ng kanilang CoC at tatangapin na ito ng ahensiya at isasama na sa listahan ng mga kakandidato bilang Senador, Congressman, Governor, Bise Gob, Bokal, Mayor, Bise Alkalde at Konsehal. Kaya nga...

***Naka-lusot si Alice Guo at baka iba pang pekeng Meyor, eh.***

**********

So, meron na kayang gagawing bago ang Comelec para sa pag-usisa sa mga dokumentong requriements lalo na sa birth certificate at IDs (Driver's license, barangay IDs, Cedula, school IDs, work IDs, etc.)? Sana nga...

***Chair George masakote ng Comelec pekeng kakandidato.***

**********

Next ish ko tatalakayin kung sino-sino mga posibleng manalo sa 2025 Senatorial polls, ha Mareng Zendang, dahil maraming tatakbo sa next year election. Sana na lang ay maging maayos ang bagong mga election machines na ipinalit ng Comelec sa Smartmatic, para masabing...

***Peke ang bintang na nalagyan si Chair Garcia.***

**********

Si ex-VP Leni Robredo ay kakandidatong mayor sa Naga City at sina Kiko Pangilinan, Bam Aquino sa Senado, at sa Mamamayang Liberal partylist ng LP tatakbo si dating Senador Leila De Lima, ayon ke dating Quezon Representative Erin Tañada sa ginanap na national assembly ng LP sa San Juan City nitong Biyernes. Ani pa nga Tanada...

***Laban lang ang LP, walang atrasan.***

**********

Well, kabilang sina Senators Bong Go, Ronald Bato dela Rosa at ang aktor na si Philip Salvador sa senatorial lineup ng Partido Demokratiko Pilipino (PDP) sa 2025 midterm elections at kasama yata sa line-up sina Cong. Pulong Duterte at Davao City Mayor Baste Duterte.

***Nakngdragon! Daming Duterte tatakbo sa Senado!***

**********

Hindi lang mga Duterte ang gustong magpalakas ng pwersa sa gobiyerno kaya nga posibleng 3 ilaban ng pamilya sa Senado kasama ng magkapatid na Pulong at Baste ang amang dating Pangulong Digong, kung di mga Tulfos din, na isasabak sina...

***Cong. Erwin at Ben 'Bitag' Tulfo sa Senado 2025!***

**********

So, alam na at kita na natin kung bakit hindi na papasa sa Kongreso yong 'Anti-Dynasty Bill' na ilang panahon ng iginagapang ng ilang Kongresista na aporbahan sa Mababang Kapulungan. Di ito lulusot dahil sa Pinas, habang-buhay na...

***Fortune, Fame and power ang katapat ng panalo sa pulitika.***

**********

Nailipat na nga si Alice Guo sa female dormitory ng Pasig City Jail at siksikan sa nasabing kulungan na kung saan 43 bilanggo kasama ni Guo o' Guo Hua Ping sa kanilang selda, na balitang...

***Nakalaylay mga paa sa katre pag matutulog na ang tabi-tabing inmates sa 3-patong na higaang kahoy.***

**********

Matapos palitan ng Milo si Carlos Yulo bilang brand endorser ng nasabing health product at gawing si pole vaulter EJ Obiena ang pinapirma sa multi-million ads contract, ay umaming mali si Caloy sa ginawa sa kaniyang pamilya at umaming...

***Kinarma na 'ko!***

**********

"Basta ako, alam ko po sa sarili ko, sa puso ko na napatawad ko sila and inamin ko sa sarili ko na nagkamali ako. Kinarma na ako kasi mali nga naman na sagutin mo sila ng ganu'n, na…siyempre emosyonal ka na po, eh. Gusto mo ipaglaban yung sarili mo and yung relationship niyo. Alam ko kung ano yung mali ko, tinanggap ko yun, ipinagdasal ko yun kay Lord, humingi ako ng tawad," mahabang tugon ni Carlos sa interbiyu nya ke Toni Gonzaga.

***Lilipas din away-pamilya ng Olympic 2-gold medalist. Baka magtagal nga lang.***

**********

**SHORT ORDER: Happy birthday, September 23, tukayo Miramon Nuevo of USA... Bday greetings to Ms.Jenine Desiderio, September 23,,,Bday greetings to Karen Romantiko, September 24, of Chicago, USA... Happy birthday to our lovely Jessica Tucker, Sept. 25, wifey to my gwapo niece Craig Tucker of England.. Bday wishes to Sen. Bong Revilla, Jr., Sept. 25.... Happy birthday to a dear kabayan Wenceslao Barrera of Jaen, NE, Sept. 28 ... Mano Po Nanay Luring Fortaleza of Surrey, BC... God Bless.**



**WANTED**

**MATURED FILIPINA CN CITIZEN NEEDED for a COMPANIONSHIP**

*Interested Please Call*

**416-562-9005**

Location: **ETOBICOKE**







# Napakasamang Lagay ng Panahon —Paano Makakatulong ang Bibliya?



**Isa ka ba sa milyon-milyong tao na apektado ng napakasamang lagay ng panahon?** Ang mapanganib na lagay ng panahon at ang mga epekto nito ay nararanasan natin sa iba't ibang paraan. Nandiyan ang mga bagyo at buhawi na kadalasang nagdudulot ng mga storm surge, pagbaha, o mga pinsala dahil sa malakas na hangin. Dahil din sa matinding pag-ulan, nagkakaroon ng mga landslide, at ang mga kidlat naman ay puwedeng magpasimula ng mga wildfire. Malaking pinsala din ang naidudulot ng tagtuyot, heat wave, at malakas na pag-ulan ng yelo.

Sa maraming lugar sa mundo, padalas nang padalas at palala nang palala ang mga sakunang dulot ng masamang lagay ng panahon. Ini-report ng International Federation of Red Cross and Red Crescent Societies: "Parami nang parami ang naaapektuhan ng mga sakuna. Dahil iyan sa madalas na mga baha, bagyo, at tagtuyot. Kaya maraming tao ang namamatay, may iba na walang hanapbuhay, at milyon-milyon ang nawawalan ng bahay."

Kapag nangyayari ang mga bagay na ito, hindi lang sa pisikal nagdurusa ang mga tao kundi pati sa emosyonal. Kailangan nilang harapin ang sakit na mawalan ng pag-aari, bahay, o ng isang mahal sa buhay pa nga.

Kung naging biktima ka ng isang sakunang dulot ng napakasamang lagay ng panahon, matutulungan ka ng Bibliya na makayanan ito. Kaya ka nitong bigyan ng lakas, pag-asa, at praktikal na payo, na nakatulong na sa maraming naging bik-

tima ng ganitong mga sakuna. (Roma 15:4) Sinasagot din nito ang napakahalagang tanong na gumugulo sa isipan ng marami: Bakit hinayaan ng Diyos na mangyari ito—pinaparusahan niya kaya ako?

Ang masamang lagay ng panahon ngayon ay hindi parusa ng Diyos

Itinuturo ng Bibliya na hindi Diyos ang may kagagawan ng pagdurusa ng mga tao. Tinitiyak nito sa atin na "ang Diyos ay hindi masusubok na gumawa ng masama, at hindi rin niya sinusubok ang sinuman na gumawa ng masama." (Santiago 1:13) Ibig sabihin, hindi siya ang dahilan ng masasamang lagay ng panahon na nararanasan ng mga tao ngayon.

Totoo, may mga ulat sa Bibliya na gumamit ang Diyos ng likas na mga sakuna para parusahan ang masasamang tao. Pero iba iyon sa mga sakunang nararanasan natin ngayon na bigla na lang dumarating at pumipinsala sa mga tao mabuti man sila o masama. Ipinapakita sa mga ulat ng Bibliya na laging pinoprotektahan ng Diyos ang mga inosente, nagbibigay ng babala, at ipinapaliwanag ang dahilan kung bakit niya gagawin ang isang bagay. Halimbawa, ipinaliwanag ng Diyos kung bakit siya magpapasapit ng pangglobong Baha noong panahon ni Noe. Nagbigay din siya ng babala sa mga tao bago niya gawin ito, at pinrotektahan niya si Noe at ang pamilya nito.—Genesis 6:13; 2 Pedro 2:5.



Para sa higit pang impormasyon kung paano natin nalaman na hindi parusa ng Diyos ang likas na mga sakuna, tingnan ang artikulong "Ano ang Sinasabi ng Bibliya Tungkol sa Likas na mga Sakuna?"

Nagmamalasakit ang Diyos sa mga biktima

Ipinapakita sa Bibliya na ang Diyos na Jehova a ay may malasakit at empatiya. Tingnan ang ilang teksto tungkol diyan.

- Isaias 63:9: "Sa lahat ng paghihirap nila ay nahihirapan [ang Diyos]."

Ibig sabihin: Nasasaktan si Jehova kapag nakikita niyang nagdurusa ang mga tao.

- 1 Pedro 5:7: "Nagmamalasakit siya sa inyo."

Ibig sabihin: Mahalaga kay Jehova ang kapakanan mo.

Dahil sa malasakit at empatiya, kumikilos si Jehova. Nagbibigay siya ng pampatibay sa pamamagitan ng mga payo sa Bibliya at ng pag-asa sa hinaharap na hindi na magkakaroon ng mga sakunang dulot ng masamang lagay ng panahon.—2 Corinto 1:3, 4.

Kapag nawala na ang masasamang lagay ng panahon

Sa Bibliya, nangangako si Jehova na bibigyan niya tayo ng "magandang kinabukasan at pag-asa." (Jeremias 29:11) Gusto niyang maging masaya ang mga tao sa isang paraisong lupa nang walang kinatatakutang mga sakuna.—Genesis 1:28; 2:15; Isaias 32:18.

Para magawa iyan, gagamitin ng Diyos ang kaniyang Kaharian—isang gobyerno sa langit na si Jesus ang hari. (Mateo 6:10) Alam ni Jesus kung paano pigilan ang masasamang lagay ng panahon at may kapangyarihan siyang gawin iyon. Noong nandito siya sa lupa, ipinakita niyang kaya niyang kontrolin ang kalikasan. (Marcos 4:37-41) Mamamahala siya nang may karunungan at unawa. (Isaias 11:2) Tuturuan niya ang mga tao kung paano aalagaan ang kapaligiran at kung paano mamumuhay nang hindi sinisira ang kalikasan. Sa panahong iyon, hinding-hindi na mararanasan ng mga tao ang mga sakunang dulot ng masamang lagay ng panahon.

Baka maisip mo, 'Kailan kaya gagamitin ni Jesus ang kapangyarihan niya para makontrol ang kalikasan?' Para malaman ang sagot, tingnan ang artikulong "Kailan Mamamahala sa Lupa ang Kaharian ng Diyos?"

Kung paano ito haharapin sa ngayon

May mga payo sa Bibliya na makakatulong sa iyo bago, habang, at pagkatapos ng sakuna.

***www.JW.org***

# Pinoy Festival sa Burnaby ipinakita ang mayamang kultura ng mga Pilipino



***Bisdak Association Vancouver, Canada nagtaghal ng sayaw ng Sto. Niño.***



***B.C. Premier David Eby sumali sa mga miyembro ng Filipino community sa Sissiwit Dance ng mga Igorot.***

Ang masigla at mayamang kultura ng Pilipinas ipinasilip sa Swangard Stadium sa Burnaby, B.C., noong Hunyo 22 habang ang Pinoy Festival Alliance at Mabuhay House Society, sa pakikipagtulungan sa iba't ibang grupo sa komunidad, hinost ang pangalawang Pinoy Festival: Panahon na Para Magsaya.

Si Consul General Arlene Magno, kasama ang mga opisyal at staff ng Philippine Consulate General sa Vancouver, nakiisa sa parada at kasiyahan.

Sa kanyang talumpati, hinikayat ni Consul General Magno ang kanyang mga kababayan na samahan ang Pilipinas, na ginagabayan ng Bagong Pilipinas initiative, sa isang transformative journey tungo sa bagong era ng pag-unlad, pagkakaisa at international prominence.

Ang araw ay napuno ng iba't ibang aktibidad at mga pagtatanghal na hinighlight ang tradisyonal at

contemporary arts ng Filipino community.

Nag-enjoy ang mga dumalo sa mga sayaw, art at painting exhibition, Grand Santacruzan at mga pagtatanghal ng local Filipino bands.

Ang festival grounds napuno ng Pinoy food trucks, small business vendors, artisans at music garden na ipinakita ang tunay na Filipino hospitality.

Maraming Filipino vendor at food truck ang lumahok sa festival na naganap sa Swangard Stadium.

Para isara ang naturang event, hinarana ni Concert King Martin Nievera ang mga tao ng kanyang sikat na OPM hits.

Ang mga opisyal mula sa probinsya ng British Columbia, na pinangunahan nina Premier David Eby at Burnaby Mayor Mike Hurley, dumalo rin sa event.

Dumalo rin sina Dr. J. Prospero Popoy de Vera III, Chairman of the Commission on Higher Education ng Pilipinas, na nasa Vancouver para pirmahan ang isang MOU sa Promotion of Educational Cooperation and Two-Way Exchange Opportunities sa BC Ministry of Post-Secondary Education and Future Skills.***RCI***

CEDARBRAE MALL


REPAIR and UNLOCK CELLPHONE
CALL NOW FOR APPOINTMENT



***Concert King Martin Nievera inawitan ang mga Pilipino ng kanyang walang kupas na OPM hits.***


***B.C. Premier David Eby (pang-apat mula kanan) muling binanggit ang kanyang suporta para sa isang provincial Filipino Cultural Centre sa Metro Vancouver.***

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.




**Filipino Canadians** (French: Canadiens Philippins; Filipino: Mga Pilipinong Kanadyense) are Canadians of Filipino descent. Filipino Canadians are the second largest subgroup of the overseas Filipinos, surpassed only by the United States, and one of the fastest-growing groups in Canada. Only a small population of Filipinos lived in Canada until the late 20th century. At the 2016 Canadian census, 851,410 people of Filipino descent lived in Canada, mostly in urban areas. The majority of Filipino Canadians being Tagalog. Filipino Canadians are the third-largest Asian Canadian group in the nation after the Indian and Chinese communities. They are also the largest group from Southeast Asia in the country. Between the 2011 and 2016 censuses, the Filipino community in Canada grew from 702,200 to 820,100, a growth of about 7%, compared to the rest of Canada, which grew by 5% during the same time period. By the 2021 census, Filipino Canadians enumerated **957,355**, or 2.58% of the total population, further displaying the community's rapid growth. According to the 2021 Census, there are approximately .96 million Filipinos living in Canada, making them one of the largest immigrant groups in the country. The Census has many reasons why Canada is among the top choice for **Filipino immigrants**.

**ADVERTISE TO TALIBA NEWS...IT WORKS! • talibaFlipzMedia.com • 416-989-7336 / 647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution Jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

**For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com**

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY :* **647-287-1870**